# 3. Paano makakuha ng pangangalaga

## Sensitibong pangangalaga

### Mga serbisyong maaaring pahintulutan ang menor de edad

Kung kayo ay wala pang 18 taong gulang, maaari kayong makakuha ng mga ilang serbisyo nang walang pahintulot ng magulang o tagapangalaga. Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo ng pahintulot sa menor de edad.

Maaari ninyong makuha ang mga serbisyong ito nang walang pahintulot mula sa inyong magulang o tagapangalaga:

- <u>**Mga serbisyong kaugnay sa panggagahasa at iba pang sekswal na pananalakay**</u>
- ~~Mga serbisyong sekswal na pag-atake, kabilang ang pag-alaga sa kalusugan ng isip ng outpatient~~
- <u>**Pagsusuri at pagpapayo**</u> para sa pagbubuntis
- ~~Pagpaplano ng pamilya~~
- <u>**Mga serbisyo ng contraceptive gaya ng**</u> pangontra sa pagbubuntis <u>**(hindi kasama ang sterilization)**</u>
- Mga serbisyo sa pagpapalaglag

Kung kayo ay 12 taong gulang o mas matanda pa, maaari din ninyong makuha ang mga serbisyong ito nang walang pahintulot mula sa inyong magulang o tagapangalaga:

- ~~Mga outpatient na pangangalaga sa kalusugan ng isip para sa:~~
  - ~~Sekswal na pag-atake~~
  - ~~Incest~~
  - ~~Pisikal na pag-atake~~
  - ~~Pang-aabuso sa bata~~
  - ~~Kapag naiisip ninyong saktan ang inyong sarili o ibang tao~~
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng outpatient batay sa antas ng iyong ganap na sapat sa gulang at kakayahang lumahok sa sariling mong pangangalaga sa kalusugan
- <u>**Pagpapayo**</u>**,** pag-iwas, pagsusuri, at paggagamot sa HIV/AIDS

- Pag-iwas, pagsusuri, at paggagamot ng mga impeksyon na naililipat sa pagtatalik **na maaaring kasama ang mga sakit na naililipat sa pagtatalik gaya ng syphilis, gonorrhea, chlamydia, at herpes simplex**.
- Paggagamot sa sakit sa paggamit ng substance **dahil sa pag-abuso sa droga at alak kasama ang pag-screen, pagtatasa, interbensyon, at mga serbisyong pag-refer**
  - Upang malaman ang higit pa, basahin ang "Mga Serbisyo sa Paggamot ng Sakit sa Paggamit ng Substance" sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Para sa pagsusuri sa pagbubuntis, mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya, mga serbisyo sa pagkontrol sa panganganak, o mga serbisyo para sa mga impeksyon na naililipat sa pagtatalik, ang doktor o klinika ay hindi kailangang nasa network ng Blue Shield Promise. Maaari kayong pumili ng anumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa mga ito para sa mga ganitong serbisyo nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot). **Para sa higit pang impormasyon may kaugnayan sa mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya, pakitingnan ang "Mga Serbisyong Pang-iwas at Kagalingan sa Sakit at Pag-asikaso sa Hindi Gumagaling na Sakit" sa Kabanata 4 ng handbook na ito.**

Para sa mga serbisyo ng pahintulot sa menor de edad na ~~hindi mga espesyalidad na serbisyo sa mental na kalusugan para sa~~ **outpatient**, maaari kayong pumunta sa provider na nasa network **o sa isa na wala sa network** nang walang rekomendasyon at walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Hindi kayo kailangang irekomenda ng inyong PCP at hindi ninyo kailangang makakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Blue Shield Promise upang makatanggap ng mga saklaw na serbisyo ng pahintulot sa menor de edad.

Hindi saklaw ang mga serbisyo ng pahintulot sa menor de edad na mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip. Ang mga mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip ay sakop ng plano sa kalusugan ng isip ng county para sa county kung saan ka nakatira.

Ang mga menor de edad ay maaaring pribadong makipag-usap sa isang kinatawan tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 Blue Shield Promise Nurse Advice Line sa 1-800-609-4166 (TTY 711).

Ang Blue Shield Promise ay hindi magpapadala ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng mga sensitibong serbisyo sa mga magulang o tagapangalaga. Upang malaman ang higit pa tungkol sa kung paano humingi ng mga kumpidensyal na komunikasyon na may kaugnayan sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang "Abiso sa mga kasanayan sa pagkapribado" sa Kabanata 7 ng handbook na ito.

# 4. Mga benepisyo at serbisyo

## Ano ang sinasaklaw ng inyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga saklaw na serbisyo para sa inyo bilang miyembro ng Blue Shield Promise. Libre ang inyong mga sinasaklaw na serbisyo hangga't medikal na kinakailangan at ibinibigay ng nasa network na provider ang mga ito. Dapat kayong humiling sa amin ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kung ang pangangalaga ay wala sa network maliban sa ilang mga sensitibong serbisyo at pang-emergency na pangangalaga. Maaaring saklaw ng inyong planong pangkalusugan ang mga serbisyo ng medikal na kinakailangan mula sa isang wala sa network na provider, ngunit dapat ninyong tanungin ang Blue Shield Promise para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para rito.

Ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ay makatuwiran at kinakailangan upang maprotektahan ang inyong buhay, mapigilan na magkaroon kayo ng malubhang karamdaman o kapansanan, o mabawasan ang matinding pananakit na dulot ng isang na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kasama sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalagang medikal na kinakailangan upang maayos o makatulong sa pisikal o pang-isip na sakit o kondisyon. Para malaman ang higit pa tungkol sa mga sinasaklaw na serbisyo para sa inyo, tumawag sa 1-855-699-5557 (TTY 711).

Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay makakakuha ng mga karagdagang benepisyo at serbisyo. Upang malaman ang higit pa, basahin ang Kabanata 5, "Mahusay na pangangalaga sa bata at kabataan."

Nakalista sa ibaba ang ilan sa mga karaniwang benepisyo sa kalusugan na iniaalok ng Blue Shield Promise. Ang mga benepisyong may star (*) ay nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

- Acupuncture*
- Mga acute (pansamantalang paggamot) na therapy at serbisyo sa kalusugan sa bahay
- Mga pagpapabakuna ng nasa hustong gulang (mga iniksyon)
- Pagsusuri at iniksyon para sa allergy
- Mga serbisyo ng ambulansya para sa isang emergency
- Mga serbisyo ng anesthesiologist
- Pag-iwas sa hika
- Audiology*
- Mga paggamot para sa kalusugan ng pag-uugali*
- ~~Pagsusuri ng biomarker~~
- Cardiac na rehabilitasyon
- Mga serbisyong chiropractic*
- Chemotherapy at Radiation therapy
- Mga pagtatasa sa cognitive health
- Mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan sa komunidad
- Mga serbisyo sa ngipin - limitado (isinagawa ng medikal na propesyonal/provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa isang medikal na tanggapan
- Mga serbisyo ng dialysis/hemodialysis
- Mga Serbisyo ng Doula
- Matibay na kagamitang medikal (Durable medical equipment, DME)*
- Mga Dyadic na serbisyo
- Mga pagpapatingin sa emergency room
- Enteral at parenteral na nutrisyon*
- Mga pagpapatingin at pagpapayo sa tanggapan ng pagpaplano ng pamilya (maaari kayong magpatingin sa isang hindi kalahok na provider)
- Mga serbisyo at device para sa habilitasyon*
- Mga hearing aid
- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay*
- Pangangalaga sa hospisyo*
- Inpatient na medikal at pang-operasyong pangangalaga*
- Laboratoryo at radiology*
- Mga pangmatagalang therapy at serbisyo sa kalusugan sa bahay*
- Pangangalaga sa pagbubuntis at bagong silang na sanggol
- Mga pangunahing transplant ng organ*
- Occupational therapy*
- Orthotics/prostheses*
- Mga supply ng ostomy at urology
- Mga outpatient na serbisyo sa ospital
- Mga outpatient na serbisyo sa kalusugan ng isip
- Outpatient na operasyon*
- Palliative na pangangalaga*
- Mga pagbisita sa PCP
- Mga serbisyo para sa mga bata
- Physical therapy*
- Mga serbisyo sa podiatry*
- Rehabilitasyon sa baga
- Mabilis na Buong Pagkakasunud-sunod ng Genome
- Mga serbisyo at device para sa rehabilitasyon*
- Mga serbisyo sa sanay na pag-aalaga
- Mga pagpapatingin sa espesyalista
- Speech therapy*
- Mga surgical na serbisyo
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyo para sa transgender*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo para sa paningin*
- Mga serbisyo para sa kalusugan ng kababaihan

# Mga benepisyo ng Medi-Cal na sinasaklaw ng Blue Shield Promise

## Pangangalaga sa pagbubuntis at bagong silang na sanggol

Sinasaklaw ng Blue Shield Promise ang mga sumusunod na serbisyo sa pangangalaga sa pagbubuntis at bagong silang na sanggol:

- Mga serbisyo ng paanakan
- Mga breast pump at supply
- Edukasyon at tulong sa pagpapasuso
- **Pagsasaayos ng pangangalaga**
- Certified Nurse Midwife (CNM)
- **Pagpapayo**
- Pangangalaga sa panganganak at pagkatapos manganak
- Diagnosis ng mga genetic disorder ng fetus at pagpapayo
- Mga Serbisyong Doula
- Licensed Midwife (LM)
- Mga serbisyo sa maternal na kalusugan ng isip
- Pangangalaga sa bagong silang
- **Edukasyon para sa nutrisyon**
- Mga serbisyo sa edukasyon sa kalusugan na may kaugnayan sa pagbubuntis
- Pangangalaga bago manganak
- **Mga pagtatasa at pag-refer sa sosyal at mental na kalusugan**
- **Bitamina at mga mineral na supplement**